# 9 EsP

## Unang Markahan



PIVOT 4A LEARNER'S MATERIAL

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng worksheets/activity sheets na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI).

CLMD CALABARZON

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikasiyam Baitang

**Regional Office Management and Development Team:** Job S. Zape, Jr., Romyr L. Lazo, Fe M. Ong-ongowan, Lhovie A. Cauilan at Ephraim L. Gibas

**Schools Division Office Development Team:**
Melanie V. Bedural, Ely S. Alpe, Jr., Ruvy Bustarde, Cecilia Jerez, Patrick James R. Pelicano, Deon Carlo Hernandez, at Elpidia Bergado,

**Edukasyon sa Pagpapakatao Ikasiyam na Baitang**
**PIVOT IV-A Learner's Material**
**Unang Markahan**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A CALABARZON
Patnugot: Wilfredo E. Cabral
Pangalawang Patnugot: Ruth L. Fuentes

# Gabay sa Paggamit ng PIVOT 4A Learner's Material

## Para sa Tagapagpadaloy

Ang modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutuhan ang mga aralin sa asignaturang EsP. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa pagbibigay sa ating mga mag-aaral ng tamang paraan ng paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pag-unawa sa pagpapakita ng kakayahan nang may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusonod na aralin.

Salamat sa iyo!

## Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
3. Maging tapat at may integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagpadaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagpadaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi sa MELC. Kaya mo ito!

# Mga Bahagi ng PIVOT 4A Modyul

| | Bahagi ng LM | Nilalaman |
|---|---|---|
| **Panimula** | Alamin<br>Suriin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na outcome ng pagkatuto para sa araw o lingo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin. |
| **Pagpapaunlad** | Subukin<br>Tuklasin<br>Pagyamanin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga aktibidad, gawain, nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral, karamihan sa mga gawain ay umiinog lamang sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC lalo na ang bahaging ito ay nagbibigay ng oras para makita ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan. |
| **Pakikipagpalihan** | Isagawa<br>Linangin<br>Iangkop | Ang bahaging ito ay may iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kailangang Knowledge Skills and Attitude (KSA). Pinahihintulutan ng guro ang mga mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga KSA upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kanilang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/ gawain ng buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kanilang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto. |
| **Paglalapat** | Isaisip<br>Tayahin | Ang bahaging ito ay nagtuturo sa mag-aaral ng proseso na maipakikita nila ang mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga at makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kanilang kaalaman sa pagbibigay ng repleksiyon, pag-uugnay o paggamit nang epektibong nito sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mga mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na nagbibigay sa kanila ng pagkakataong pagsamahin ang mga bago at lumang natutuhan. |

# Pagsasagawa ng Kilos Tungo sa Kabutihang Panlahat

I

Aralin

***"Ang ating pagiging kasama ng kapwa ay isang pagpapahalaga na nagbibigay ng tunay na kaganapan sa ating pagkatao."***

Noong nakaraang taon, natutuhan at naipamalas mo ang pag-unawa sa layunin at kahalagahan ng pamilya at pakikipagkapwa upang maging mapanagutan sa pakikipag-ugnayan sa iba tungo sa makabuluhang buhay sa lipunan.

Sa taong ito, tuturuan at gagabayan ka ng asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao na maipamalas ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa lipunan at paggawa bilang paglilingkod tungo sa tamang pagpili ng kurso o hanapbuhay na magiging makabuluhan at kapaki-pakinabang sa iyo at sa lipunan.

Pag-aaralan mo sa unang aralin ang tungkol sa lipunang iyong ginagalawan at kinabibilangan at kung paano ka kikilos upang makatulong sa kaayusan at kaunlaran nito.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang a) natutukoy mo ang mga elemento ng kabutihang panlahat; b) nakapagsusuri ng mga halimbawa ng pagsasaalang-alang sa kabutihang panlahat sa pamilya, paaralan, pamayanan o lipunan; c) napangangatwiranan na ang pagsisikap ng bawat tao na makamit at mapanatili ang kabutihang panlahat sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng moral na pagpapahalaga ay ang mga puwersang magpapatatag sa lipunan; at d) naisasagawa ang isang proyekto na makatutulong sa isang pamayanan o sector sa pangangailangang pangkabuhayan, pangkultural, at pangkapayapaan.

D

Ano na ang iyong nalalaman sa konpeto ng lipunan at kabutihang panlahat? Magsimula kang subukin ang sariling kaalaman.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Masdan ang larawan at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Gawin ito sa iyong kuwaderno.



1. Sino-sino ang makikita sa larawan?
2. Ano ano ang kanilang ginagawa?
3. Matatawag ba silang isang lipunan? Ipaliwanag.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sagutin ang mga tanong sa ibaba upang

Ano ang kahulugan ng lipunan para sa'yo?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Ano anong salitang naglalarawan ang naihahambing mo sa konsepto ng kabutihang panlahat?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Paano mo maipapamalas ang iyong pakikiisa at pakikisangkot sa pagkakamit ng kabutihang panlahat?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Bago natin pag-usapan ang konsepto ng kabutihang-panlahat at ang mga elementong napapaloob dito, mahalagang mabalikan natin ang wastong pagkaunawa sa salitang lipunan.

Ito ay tumutukoy sa isa o higit pang grupo ng mga tao na permanenteng naninirahan sa isang lugar na pinakikilos ng iisang layunin tungo sa pagkakamit ng kabutihang-panlahat. Samakatuwid, ang konsepto ng kabutihang-panlahat ay nakapaloob sa natural na kalikasan ng "lipunan". Makakamit lamang ang kabutihang-panlahat kung ang bawat isa ay "makikipamuhay-sa-kapwa-tao". Hindi ito makakamtan ng nag-iisa. Nabubuhay ang tao hindi lamang para sa kanyang sarili kundi para sa ibang tao.

Magandang tingnan natin ang mayamang kahulugan ng salitang "lipunan". Una, makikita natin ang salitang "lipon" o grupo ng mga tao. Pangalawa, makikita natin ang salitang "ipon", na maaring magbigay sa atin ng ideya na sa loob ng lipuna tayo ay nag-iipon ng mga karanasan marahil na ginagamit natin upang maging mabuting-tao na makatutugon sa hamon ng pagkakamit ng kabutihang-panlahat. Sa patuloy nating pakikipag-ugnayan sa ibang tao, nagiging madali para sa atin ang pagtugon sa ating mga sariling pangangailangan at tayo rin ay nagiging instrumento para sa iba sa pagkakamit nila ng kanilang mga pangangailangan. Ito ang tinutukoy ni Manuel Dy na likas na hangganan ng pakikipag-ugnayan at pakikipamuhay, na magpapatibay rin ng ideya ni Santo Tomas Aquinas na ang layunin ng pagkakalikha sa tao ay nakakamit sa pamamagitan ng pakikipagkapwa-tao.

Sa ating demokrasyang lipunan, nakakabuo tayo ng mga desisyon kapag nakuha natin ang kapasyahan ng mas nakararami o "majority". Ang tanong, nakakamit rin ba natin ang kabutihang-panlahat? Pareho ba ang konsepto ng "kabutihan para sa nakararami" at "kabutihang-panlahat"?

Madaling unawain na ang "kabutihan para sa nakararami" ay agarang pagsang-ayon na ang hindi nakararami o "minority" ay hindi nagkakamit ng kabutihan. Halimbawa, ang usapin ng pagbabalik sa parusang kamatayan. Maaaring sa pagpataw ng parusang ito ay mabawasan ang krimen, subalit ang kamatayan ba ng taong ito ay makapagdudulot ng kabutihang-panlahat? Halimbawa naman, sa hangarin nating makakuha ng tamang gamot o bakuna laban sa COVID-19, nagboluntaryo ang taong ito na napatawan ng parusang kamatayan na gamitin ang kanyang sarili para sa testing ng ginagawang gamot, maging matagumpay man o maging sanhi ng kanyang agarang kamatayan ang testing, ito ba ay magdudulot ng kabutihang-panlahat?

Ayon sa tala ng Simbahang Katoliko na nakasaad sa **Catechism of the Catholic Church (CCC),** ang kabutihang panlahat ay ang kabuuan ng mga panlipunang gawain na nagtatakda sa lahat ng tao, nag-iisa man o pangkat, na makamit nila ang katuparan ng kaganapan ng kanilang pagkatao *(Gaudium et Spes).*

May tatlong elemento ang kabutihang panlahat ayon sa Katesismo ng Simbahang Katolika.

Una, Pagrespeto sa Kapwa-tao. Nakapaloob ito sa itinakda ng saligang batas na ang lahat ng mga namumuno at pinamumunuan sa loob ng isang lipunan ay obligadong gumalang sa mga pangunahing karapatan ng bawat tao. Kinakailangang magkaroon ng pagkakataong matupad ng bawat isa ang kani-kaniyang misyon sa buhay.

Ikalawa, Pagpapaunlad ng lahat ng tao. Inaasahang ang mga namumuno ay makapagpapasya at makapili, alinsunod sa konsepto ng kabutihang panlahat, ng mga gawaing magbibigay sa bawat tao ng pagkakataong makapamuhay bilang isang ganap na tao.

Ikatlo, Kapayapaan. Inaasahang ang mga itinalagang mamuno sa lipunan ay magkaroon ng tunay na hangaring magampanan ang kanilang obligasyon sa pagkakamit at pagpapanatili ng kapanatagan at seguridad ayon sa tawag ng katarungan.

Ayon pa sa Katesismo ng Simbahang Katolika, *"ang kabutihang panlahat ay palaging nakatuon tungo sa pagpapaunlad ng lahat ng tao. Kinakailangang maging mas matimbang ang kahalagahan ng tao kaysa sa kahalagahan ng anumang bagay sa mundo. Ito ay nakaugat sa katotohanan, binuo ng katarungan, at pinananatiling buhay ng pagmamahal.*

Ang kakayahan ng tao na mamuhay sa lipunan at maging bahagi nito ay isang likas na katangian na ikinaiba ng tao sa ibang nilalang.

Nilikha ang tao ayon sa larawan at wangis ng Diyos. Binigyan siya ng kapamahalaan sa ibang nilalang at binigyan siya ng taong makakasama at makakatulong.

Niloob ng Diyos na ang tao ay mamuhay nang may kasama at maging panlipunang nilalang o social being at hindi ang mamuhay nang nag-iisa o **solitary being.** Kaya't ang panlipunang aspekto ng pagkatao at ang kakayahan ng tao na makipag-ugnayan sa kaniyang kapwa ay likas sa kaniyang pagkatao o social nature of human being **(Pontifical Council for Justice and Peace, 2004).**

Makakamit ng tao ang kaniyang kaganapan sa pamamagitan ng makabuluhan at mabuting pakikipagkapwa. Sa buong mundo, kinikilala ang kahalagahan ng mabuting pakikitungo sa kapwa (Golden Rule).



Makakamit ng tao ang kaniyang kaganapan sa pamamagitan ng makabuluhan at mabuting pakikipagkapwa.

Sa buong mundo, kinikilala ang kahalagahan ng mabuting pakikitungo sa kapwa (Golden Rule). Marami sa mga relihiyon sa buong mundo ang naniniwala sa kahalagahan ng mabuting pagtrato at pakikitungo sa kapwa -"*Huwag mong gawin sa kapwa mo ang ayaw mong gawin sa iyo*"; "*Mahalin mo ang kapwa mo gaya ng pagmamahal mo sa iyong sarili*"; Makitungo sa kapawa sa paraang gusto mo ring pakitunguhan ka." Naipakita rin sa Parabula ng Mabuting Samaritano sino ang ating kapwa at kung paano tayo dapat makitungo sa ating kapwa: may paggalang at pagmamahal.

Ang pakikipag-kapwa ay napatatatag ng mga birtud ng katarungan (justice) at pagmamahal (charity).

Kailangan ang katarungan upang maibigay ang nararapat: walang iba kundi ang paggalang sa kanyang dignidad. Subalit mayroong mga bagay na maari nating ibigay nang higit pa sa itinatakda ng karapatan at katarungan, ito ay ang mga bagay na ayon sa ating pagmamalasakit at pagmamahal sa kapwa (Dy2012).

**Mga Hadlang sa Pagkamit ng Kabutihang Panlahat**

1. Nakikinabang lamang sa benepisyong hatid ng kabutihang panlahat, subalit tinatanggihan ang bahaging dapat gampanan upang mag-ambag sa pagkamit nito. Ang mahalaga sa kaniya ay ang pakinabang na kaniyang makukuha sa kabutihang panlahat na nagmumula sa malasakit at pagsasakripisyo ng iba. Nakikinabang lamang siya subalit walang ambag o pakinabang na nanggagaling sa kaniya. Halimbawa, ang sapat na suplay ng tubig ay pinakikinabangan ng lahat ng tao. Subalit upang mapanatili ang sapat na suplay ng tubig sa panahon ng tagtuyo, ang mga tao ay kailangang magtipid sa paggamit nito.

2. Ang indibidwalismo, ibig sabihin ang paggawa ng tao ng kaniyang personal na naisin. Ito ay ang pagnanais ng taong maging malaya sa pagkamit ng pansariling tunguhin nang walang ibang nanghihimasok o nakikialam sa kaniya. Ayaw ng taong ganito na magambala ang kaniyang personal na buhay – nagnanais na "mapag-isa". Sa kulturang ito, mahirap makumbinse ang taong isakripisyo ang kaniyang kaunting kalayaan, personal na hangarin at pansariling interes para sa kapakanan ng "kabutihang panlahat" dahil para sa kaniya, hindi niya kailangang mag-ambag sa kabutihang panlahat kundi ang manatiling malaya sa pagkamit ng kaniyang personal na kabutihan.

3. Ang pakiramdam na siya ay nalalamangan o mas malaki ang naiaambag niya kaysa sa nagagawa ng iba. Upang mapanatili ang kabutihang panlahat, hinihingi sa ilan ang mas malaki at mabigat na pananagutan kaysa sa iba. Halimbawa, upang kayanin ng mga mahihirap ang pagbili ng produkto, kailangang tanggapin ng negosyante ang mababang tubo o kita mula sa mga produkto; o ang pangkalusugang seguridad ay maging abot kaya ng lahat, ang health insurance ay may mababang premiums o ang doktor ay tumanggap ng mababang sahod. Ang tingin ng ilan sa ganitong sitwasyon ay hindi makatarungan.

Mga Kondisyon sa Pagkamit ng Kabutihang Panlahat ayon Joseph de Torre (1987) sa kaniyang aklat na Social Morals:

1. Ang lahat ng tao ay dapat na mabigyan ng pagkakataong makakilos nang malaya gabay ang diyalogo, pagmamahal at katarungan.
2. Ang pangunahing karapatang pantao ay nararapat na mapangalagaan.
3. Ang bawat indibidwal ay nararapat na mapaunlad patungo sa kaniyang kaganapan.

*PIVOT 4A CALABARZON*

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Matapos magkaroon ng mga karagdagang kaalaman tungkol sa lipunan, gumuhit ng larawan na nagpapakita ng pagtataguyod ng kabutihang panlahat. Sumulat ng isa hanggang dalawang talatang paliwanag para sa larawan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| **LARAWAN NG KABUTIHANG PANLAHAT** |
|---|
| ______________________________ |
| ______________________________ |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Gumawa ng isang plano para sa proyektong iyong pamumunuan. Dahil hindi pa ito maaaring isagawa sa ngayon, ilatag muna ang mga impormasyon tungkol dito. Ibigay ang impormasyong hinihingi. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| **ANG AKING PROYEKTO** |
|---|
| |

1. Pangalan ng proyekto, kalian at saan gaganapin.
2. Mga makikinabang at tulong na maipagkakaloob.
3. Mga makakasama sa pagsasagwa ng proyekto.

# A

Tulad ng nilalaman ng isang awit, walang sino man ang nabubuhay para sa sarili amang, ikaw ay may pananagutan at bahaging nararapat na gampanan sa lipunan. Sa iyong edad at lalong higit sa panahon ngayon, napakadaling magdesisyon para sa sariling kapakanan at kaligtasan. Subalit, bilang katuruan sa iyo ng araling ito, kinakailangang makapagsagawa ka ng kilos na tutugon sa kabutihang panlahat.

Maging mabuting bahagi ng lipunang iyong kinabibilangan. Gawin mo ang narararapat para sa lahat.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Sagutin ang mga sumusunod ayon sa iyong natutuhan sa araling ito. Isulat ang letra ng sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ayon kay Dr. Manuel Dy, isang propesor ng Pilosopiya sa Ateneo de Manila University, binubuo ng tao ang lipunan at binubuo ng lipunan ang tao. Ito ay nangangahulugang:
   A. Ang tao ang gumagawa sa lipunan at kaalinsabay nito ay ang lipunan at hinuhubog ng lipunan ang mga tao.
   B. Ang tao ang bumubuo sa lipunan dahil mula sa kaniyang pagsilang ay nariyan na ang pamilyang nag-aaruga sa kaniya" binubuo ng lipunan ang tao dahil matatagpuan ang tao salahat ng bahagi nito.
   C. Ang tao ang bumubuo sa lipunan dahil ang kanilang mga kontribusyon ang nagpapalago at nagpapatakbo dito" binubuo ng lipunan ang tao dahil ang lipunan ang nagbubuklod sa lahat ng tao.
   D. Ang tao ang bumubuo sa lipunan dahil pamilya ang nag-aaruga sa tao at dahil matatagpuan ang tao sa lahat ng bahagi nito" binubuo ng lipunan ang tao dahil sa lipunan makakamit ang kaniyang kaganapan ng pagkatao.
2. Ang sumusunod ay hadlang sa pagkamit ng kabutihang panlahat maliban sa:
   A. Paggawa ng tao ayon sa kaniyang pansariling hangad
   B. Pagkakaroon ng pakiramdam na mas malaki ang naiiambag ng sarili kaysa sa nagagawa ngiba.
   C. Pakikinabang sa benepisyong hatid ng kabutihang panlahat subalit pagtanggi sa pagbabahagi para sa pagkamit nito.
   D. Pagkakait ng tulong para sa kapwa na nangangailangan.

3. Ang pagkakaiba ng lipunan sa komunidad ay _____
   A. pangingibabaw ng iisang tunguhin o layunin samantalang sa komunidad ang mahalaga ay ang pagkakabukod tangi ng mga kabilang nito.
   B. ang pangkat ng mga tao ay may nagkakaisang interes, mithiin at pagpapahalaga samatalang sa komunidad, ang namumuno ang nagbibigay ng direksiyon sa mga taong kasapi nito.
   C. ang namumuno ay inatasan ng mga mamamayan na kamtin ang mithiin ng mga kasapi nito samantalang sa komunidad, ang mga tao ang nararapat na manaig sa pagkamit ng kanilang mga mithiin.
   D. ang mas malaking pamahalaan ang nakasasakop samantalang sa komunidad ay mas maliit na pamahalaan.
4. Ang buhay ng tao ay panlipunan. Ang pangungusap ay:
   A. Tama, dahil sa lipunan lamang siya nakapamumuhay.
   B. Tama, dahil lahat ng ating ginagawa at ikinikilos ay nakatuon sa ating kapwa.
   C. Mali, dahil may mga pagkakataong ang tao ang nagnanais na makapag-isa.
   D. Mali, dahil may iba pang aspekto ang tao maliban sa pagiging panlipunan.
5. Ang mga sumusunod ay elemento ng kabutihang panlahat maliban sa:
   A. Kapayapaan
   B. Katiwasayan
   C. Paggalang sa indibidwal na tao.
   D. Tawag ng katarungan o kapakanang panlipunan ng lahat.
6. “Huwag mong itanong kung ano ang magagawa ng bansa para sa iyo, kundi itanong mo kung ano ang magagawa mo para sa iyong bansa. Ang mga katagang ito ay winika ni:
   A. Aristotle
   B. St. Thomas Aquinas
   C. John F. Kennedy
   D. Bill Clinton
7. Ano ang tunay na layunin ng lipunan?
   A. kapayapaan
   B. kabutihang panlahat
   C. katiwasayan
   D. kasaganaan
8. Ano ang kabutihang panlahat?
   A. Kabutihan ng lahat ng tao.
   B. Kabutihan ng mga pangkat na kasapi ng lipunan.
   C. Kabutihan ng bawat indibidwal na kasapi ng lipunan.
   D. Kabutihan ng lipunang nararapat bumalik sa lahat ng mga kasapi nito.
   sa pagkakapantay-pantay, masasakripisyo ang kabutihang panlahat

# Pagsusulong ng Prinsipyo ng Subsidiarity at Pagkakaisa

I

Aralin

***"Walang tao ang napakahirap para hindi makapagbigay, at walang tao ang napakayaman para hindi na mangailangan ng tulong,"***

Sa araling ito ikaw ay inaasahang: a) naipaliliwanag mo ang dahilan kung bakit may lipunang pulitkal o Prinsipyo ng Subsidiarity at Prinispyo ng Pagkakaisa; b) natataya ang pag-iral o kawalan sa pamilya, paaralan, barangay, pamayanan, o lipunan/bansa ng mga nasabing prinsipyo; c) napatutunayan na:

- may mga pangangailangan ang tao na hindi niya makakamtan bilang indibidwal na makakamit niya lamang sa pamahalaan o organisadong pangkat tulad ng mga pangangailangang pangkabuhayan, pangkultural, at pangkapayapaan,
- kung umiirial ang Prinsipyo ng Subsidiarity, mapananatili ang pagkukusa, kalayaan, at pananagutan ng pamayanan o pangkat na nasa mababang antas at maisaalang-alang ang dignidad ng bawat kasapi ng pamayanan, at
- kailangan ang pakikibahagi ng bawat tao sa mga pagsisikapna mapabuti ang uri ng pamumuhay sa lipunan/bansa, lalo na sa pag-angat ng kahirapan, dahil nakasalalay ang kaniyang pag-unlad sa pag-unlad ng lipunan.

Sa huli, ikaw ay inaasahang nakapagtataya o nakapaghuhusga kung umiiral o nilalabag ang mga nasabing prinsipyo sa pamilya, paaralan, pamayanan (barangaya), at lipunan/bansa.

# D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Sagutin ang mga sumusunod ayon sa iyong kaalaman sa paksa. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Saan inihambing ang isang pamayanan?

   A. pamilya B. organisasyon C. barkadahan D. magkasintahan

2. Ang mahusay na pamamahala ay may kilos na mula sa _____

   A. mamamayan patungo sa namumuno

   B. namumuno patungo samamamayan

   C. namumuno para sa kapwa namumuno

   D. mamamayan para sa nasa mamamayan

3. Ang tungkulin na pangalagaan ang nabubuong kasaysayan ng pamayanan ay nasa kamay ng _____

   A. Mga Batas B. Mamamayan C. Kabataan D. Pinuno

4. Ang dahilan ng pagiging pinuno ng isang indibidwal ay _____

   A. Personal na katangiang pinagtitiwalaan ng pamayanan

   B. Angking talino at kakayahan

   C. Pagkapanalo sa halalan

   D. Kakayahang gumawa ng batas

5. Siya ay isang halimbawa ng may puso para sa lipunan dahil sa adbokasiya niya ng pagkilala sa tao lagpas sa kulay ng balat.

   A. Ninoy Aquino C. Martin Luther King

   B. Malala Yuosafzai D. Nelson Mandela

Ang lipunan ay binubuo ng iba't ibang sektor, organisasyon, samahan o grupo na may natatanging tungkulin na dapat gampanan sa lipunan. Maliban sa mga napag-usapang sektor sa itaas, marami pang samahan ang hindi napabilang sa mga ito. Anoman at nasaan man sila, sigurado tayong mayroon din silang mga ginagampanang tungkulin sa lipunan.

Sa isang asosasyon, kinakailangan ang pagtatalaga ng pamunuan. Hindi lahat ay maaaring mamuno. May itatalagang pangulo at pangalawang pangulo. Maaaring hindi ka mapabilang sa alinman sa mga pipiliin at hihiranging tagapamahala sa loob ng asosasyon kung kaya't ikaw ay mananatiling miyembro nito. Bilang miyembro masasabi mo bang pwede ka lang mag-**relax** at ipaubaya na lang sa hinirang na pamunuan ang pagsasaayos ng asosasyon? Ika nga, wala kang alalahanin tutal wala naman sa'yo ang bigat ng pananagutan sa asosasyon.

Ang isang lipunan ay maihahalintulad sa mga sumsunod:

1. ISANG MALAKING BARKADA

Hawig sa barkadahan ang isang pamayanan. Pinagsama-sama sila, una nang kanilang kinatatayuang lugar.

2. LIPUNANG PAMPOLITIKA

Habang lumalaki ang mga grupo, nagiging mas mahirap pakinggan ang lahat at panatilihin ang dating nakukuha lamang sa bigayan at pasensiyahan. Kung ang magkakaibigan ay nagkakaunawaan na sa kindatan at ang magkakapit -bahay sa pakiramdaman at delikadesa, sa isang lipunan, nangangailangan ng isang mas malinaw na sistema ng pagpapasya at pagpapatakbo.

3. ISANG KALOOB NG TIWALA

Sa laki ng tungkulin at kapangyarihan ng pamahalaan, may tukso na tingnan ang pamahalaan bilang nasa itaas ng mga tao at itinuturing kung minsan ng mga tao ang kanilang mga sarili bilang sakop lamang ng pamahalaan. Totoo ito ngunit kailangang idiin at ulit-ulitin na ang pamamahala ay kaloob ng mga tao sa kapwa nila tao dahil sa nakikita nilang husay at galing ng mga ito sa pamumuno at pangangasiwa.

4. KAPWA-PANANAGUTAN

Ang lipunang pampolitika ay isang ugnayang nakaangkla sa pananagutan: Ang pananagutan ng pinuno na pangalagaan ang nabubuong kasaysayan ng pamayanan. Iginagawad sa kanila ng buong pamayanan ang tiwala na pangunahan ang grupo—ang pangunguna sa pupuntahan, ang paglingap sa pangangailangan ng bawat kasapi, ang pangangasiwa sa pagsasama ng grupo. Kasama nito ang pananagutan ng mga kasapi sa lipunan na maging mabuting kasapi sa lipunan.

5. DAGDAG NA KOMPLIKASYON

Marahil may magtatanong kung bakit pa siya makikilahok kung sa huli't huli ay ang mayorya naman ang masusunod. Sasabihin niya, "Hindi rin naman mahalagang magsalita pa. Nag-iisa lang naman ako. Ang masusunod naman ay ang marami."

Kailangan pa ring magsalita kahit isang mumunting tinig lamang ang sa iyo. Hindi mabubuo ang marami kung wala ang iilan. Sa kabila ng dunong ng pinuno at/o ng mayorya, kung minsan, mula sa isang salungat na opinyon isinisilang ang pinakamahusay na karunungan.

**Lipunang politikal**: mahalaga. Mahalaga ba ang pagkakaroon natin ng lipunang politikal? Ano nga ba ang ibig sabihin nito? Nakapaloob sa kahulugan nito ang mga bagay na may kinalaman sa pakikitungo ng tao sa kanyang kapwa-tao sa loob ng lipunan at mga isyung may kinalaman sa paggabay ng mga namumuno sa mga taong kanyang nasasakupan.

Inaasahang ang mga programang ipatutupad ng mga namumuno ay makatutulong sa pagpapanatili ng dignidad at kabuhayan ng lahat ng tao. Halimbawa: Ang isang matagumpay na programa ng gobyerno sa pagpapanatili ng kaayusan ng kalikasan ay nakasalalay sa kanilang mga gawaing magmumulat sa lahat ng tao ng kahalagahan ng pag-iingat at pangangalaga sa lahat ng nasa ating kapaligiran. Pagsasanib ito ng hangarin ng tao na mapangalagaan ang kalikasan at ng **environmental policies** na ipinatutupad ng gobyerno.

Sa madaling salita, ang tagumpay ay bunga ng pinagsanib na hangarin at gabay ng lahat ng tao at ng pamahalaan. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi nating mahalaga ang lipunang politikal.

Sa simpleng halimbawa ng pagtutulungan sa loob ng pamilya, makikita natin ang katotohanan at kahalagahan ng paghahati-hati ng gawain para sa pagkakamit ng kabutihan at kaayusan sa loob ng pamilya.

Sa loob ng lipunan, makikita rin ang magkakaibang-tao na nagsasagawa ng magkakaibang gawain ngunit patungo sa iisang layunin - ang kabutihan at kaayusan ng lahat. Ito ang hangarin ng lipunang pulitikal, ang siguraduhing ang bawat isa ay may partisipasyon sa pagkakaroon ng isang maayos, mapayapa at masayang buhay para sa lahat. Ang kaisipang ito ay nakapaloob sa prinsipyo ng subsidiary.

Ang Prinsipyong **Subsidiarity** ay nagbibigay kapangyarihan kahit sa pinakamaliit o pinakamababang sektor o grupo sa lipunan na makagawa ng mga desisyon sa kanilang antas, at hindi na kinakailangang aprubahan pa ng may pinakamataas na kapangyarihan.

Isa pang mahalagang prinsipyo na dapat isaalang-alang sa loob ng isang lipunan upang makamit ang kabutihang panlahat ay ang pagkilala sa kahalagahan ng pagkakaisa.

# E

Matapos mabasa ang tungkol sa konsepto ng Prinsipyo ng Subsidiarity at Prinsipyo ng Pagkakaisa, gawin, linangin at iangkop mo ang mga ito.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Lagyan ng PS o PP ang mga pahayag o sitwasyon na nagpapakita ng prinsipyo ng subsidiarity (PS) at prinsipyo ng pagkakaisa (PP). Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

_____1. Sinisikap ni Jose na mapaunlad ang kanyang sarili.
_____2. Tinutugunan ng ama ang pangangailangan ng pamilya.
_____3. Malayang nagagawa ng mga politiko ang kanilang tungkulin sa kanilang bayan.
_____4. Nakikibahagi ang mga Filipino sa pagkakamit ng kapayapaan sa lipunan.
_____5. Nakapagdedesiyon ang barangay sa mga usaping may kinalaman sa Pagkakaroon ng mga solusyon sa mga suliranin.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Tukuyin ang mga posibleng bunga ng pag-iral at kawalan ng Prinsipyon ng Subsidiarity at Prinsipyo ng pagkakaisa sa iyong lipunang kinabibilangan. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

| | *Posibleng bunga ng* | |
|---|---|---|
| | *Pag-iral ng PS at PP* | *Kawalan ng PS at PP* |
| Pamilya | | |
| Paaralan | | |
| Barangay | | |
| Pamayanan / Bayan | | |
| Bansa | | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Masdan ang mga larawan. Pumili ng isang nais mong bigyang paliwanag sa pamamagitan ng isang sanaysay, tula o likhang awit. Bigyang tuon kung paano makatutulong ang Prinsipyo ng Subsidiarity at Pagkakaisa sa pagkakaroon ng maayos na lipunan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.






Subsidiarity at Pagkakaisa Tungo sa Kaayusan ng Lipunan

## A

Ang pag-iral ng prinsipyo ng **subsidiarity** at prinsipyo ng pagkakaisa sa pamilya, paaralan, barangay, pamayanan o lipunan ay siguradong magdudulot sa atin ng positibong benepisyo na pakikinabangan nating lahat tungo sa maayos ay mapayapang pamumuhay. Subalit ang kawalan ng mga ito ay magdudulot ng kalituhan at kaguluhan sa ating lipunan.

Hindi ito mahirap gawin dahil ito ay maaaring ginagawa na natin subalit ang mas pinaigting na hangarin na makiisa sa mga gawain at layunin ng ating lipunan pulitikal ay magpapadali sa ating pagkakamit ng kabutihang panlahat.

Maging daan ka ng pag-iral ng mga ito. Gawin ang kaya mo.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Sagutin ang mga sumusunod ayon sa iyong kaalaman sa paksa. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Saan inihambing ang isang pamayanan?
   A. pamilya B. organisasyon C. barkadahan D. magkasintahan
2. Ang mahusay na pamamahala ay may kilos na mula sa _____
   A. mamamayan patungo sa namumuno
   B. namumuno patungo samamamayan
   C. namumuno para sa kapwa namumuno
   D. mamamayan para sa nasa mamamayan
3. Ang tungkulin na pangalagaan ang nabubuong kasaysayan ng pamayanan ay nasa kamay ng _____
   A. Mga Batas B. Mamamayan C. Kabataan D. Pinuno
4. Ang dahilan ng pagiging pinuno ng isang indibidwal ay _____
   A. Personal na katangiang pinagtitiwalaan ng pamayanan
   B. Angking talino at kakayahan
   C. Pagkapanalo sa halalan
   D. Kakayahang gumawa ng batas
5. Siya ay isang halimbawa ng may puso para sa lipunan dahil sa adbokasiya niya ng pagkilala sa tao lagpas sa kulay ng balat.
   A. Ninoy Aquino C. Martin Luther King
   B. Malala Yuosafzai D. Nelson Mandela

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Pag-isipan kung Tama o Mali ang mga pahayag sa ibaba. Isulat ang buong salita

_____1. May mga pangangailangan ang tao na hindi niya makakamtan bilang indibidwal na makakamit niya lamang sa pamahalaan o organisadong pangkat tulad ng mga pangangailangang pangkabuhayan, pangkultural, at pangkapayapaan.

_____2. Kung umiiral ang Prinsipyo ng Subsidiarity, mapananatili ang pagkukusa, kalayaan at pananagutan ng pamayanan o pangkat na nasa mababang antas at maisasaalangalang ang dignidad ng bawat kasapi ng pamayanan.

_____3. Kailangan ang pakikibahagi ng bawat tao sa mga pagsisikap na mapabuti ang uri ng pamumuhay sa lipunan/bansa, lalo na sa pag-angat ng kahirapan, dahil nakasalalay ang kaniyang pag-unlad sa pag-unlad ng lipunan (Prinsipyo ng Pagkakaisa).

# Pagtataya ng Kalagayan ng Ekonomiya

I

Aralin

**_"Ang lipunang pang ekonomiya ay ang pagsisikap na pangasiwaan ang mga yaman ng bayan ayon sa kaangkupan nito sa pangangailangan ng tao"._**

Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa Prinsipyo ng Subsidiarity at Prinsipyo ng Pagkakaisa. Nakapagsagawa ka ng pagtataya o paghuhusga kung umiiral o nilalabag ang mga nasabing prinsipyo sa pamilya, paaralan, pamayanan (barangaya), at lipunan/bansa. Natukoy mo rin ang mga dulot sa pg-iral o sa kawalan ng mga prinsipyong ito sa lipunan.

Ngayon, magtutuloy ka sa pagpapayabong ng iyong kaalaman. Matututuhan mo ang mga konseptong may kinalaman sa ekonomiya tulad ng katangian nito, dulot sa mga mamamayan at kaunalaran. Bibigyang pansin at diin ang mga kaisipang kung maganda ang ekonomiya ay marami ang makikinabang at bubuti ang kalagayan ng buhay at kung hindi naman ay apektado ang buhay ng mga mamamayan.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang a) nakikilala mo ang mga katangian ng mabuting ekonomiya; b) nasusuri ang maidudulot ng magandang ekonomiya; c) napatutunayan na:

- ang mabuting ekonomiya ay yaong napanuunlad ang lahat—walang taong sobrang mayaman at maraming mahirap.
- and ekonomiya ay hindi para lamang sa sariling pag-unald kundi sa pag-unald ng lahat.

Sa huli, layon nito na ikaw ay nakapagtataya ng lipunang ekonomiya sa isang barangay, at lipunan gamit ang dokumentaryo o photo/video journal.

Magandang araw!

Ang pangalan ko ay si Titser Marie.

Ngayong araw na ito ay pag-aaralan natin ang tungkol sa lipunang pang-ekonomiya.

Ito ang ikatlong sektor, kabilang ang ekonomiya sa pagitan ng pribadong (negosyo) at pampublikong sektor (pamahalaan). Kabilang dito ang mga organisasyon tulad ng mga kooperatiba, di-nagtutubong organisasyon, panlipunan negosyo at kawanggawa. Ang teorya ng lipunang pang-ekonomiya ay susubok upang maglagay ng mga organisasyong ito sa isang mas malawak na pampulitikang konteksto ng ekonomiya.

Magandang Araw!

Ako naman si Titser Dan.

Sa araling ito maipakikita mo na ang bawat lipunan ay dumaranas ng mga problema sa pagbuo ng istruktura nito kaya marami ang nagtatanong katulad ng mga sumusunod:

1. Paano makagagawa at magiging produktibo ang mga lipon ng sangkatauhan sa harap ng maraming mga kulturang ito?
2. Paano magiging isa pa rin ang direksyon ng isang bayan sa pagkakarami ng mga tinig, boses, at lugar na gustong tunguhan ng mga tao?

# D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Masdan ang larawan at sagutin ang mga tanong tungkol dito. Gawin ito sa iyong kuwaderno.



1. Anu-ano ang mga isyung ipinapakita sa larawan?

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

2. Ano ang mga negatibo at positibong pananaw na ipinakikita sa larawan?

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

3. Bilang bahagi ng lipunang ito, paano ka makatutugon upang maresolba ang mga isyung may kinalaman sa panlipunang ekonomiya?

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

Ang paglago ng ekonomiya ay masasalamin sa pagtaas ng antas ng kakayahan ng isang lipunan na makapagbigay ng iba't ibang produkto at serbisyo (www.investopedia.com/terms/e/economicgrowth.asp).

Sa kabuuan, ang paglago ay itinuturing na isang mahalagang palatandaan ng mabuting ekonomiya, at mas magandang buhay. Sa isang bansang katulad ng sa Pilipinas, mahalaga ang papel na ginagampanan ng sector ng mga manggagawa dahil ito ang itinuturing na susi na magbubukas sa mas maraming oportunidad para sa paglago ng ekonomiya.

Ang pagbibigay sa mga manggagawa ng dagdag kapangyarihan at kakayahan ay nakapahalagang layunin na dapat isaalang-alang ng pamahalaan. Sa ganitong pananaw, makikita natin ang papel na magagawa ng kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon sa bansa na naglalayong matulungan sa paghahanda sa pipiliing propesyon ang mga mag-aaral sa Senior High School. Ang Technical Vocational and Livelihood Track (Tech-Voc Track) ay makatutulong sa pagpapaunlad ng kaalaman at kakayahan ng mga Filipinong manggagawa.

Masasalamin din ang pagbuti ng ekonomiya sa pagtataya ng agwat ng bilang ng mga mayayaman sa mga mahihirap. Kung mas marami na ang mayayaman o kung kahit mabawasan lamang ang bilang ng mga taong nagugutom, walang tirahan, walang kakayahang makapagpagamot sa oras ng karamdaman, at hindi nag-aaral, masasabi na nating kahit paano ang ating ekonomiya ay gumaganda na. Ngunit kung sa tuwing titigil ang dyip mong sinasakyan sa kahabaan ng kalsada at makikita mo ang mga pamilyang walang tirahan, mga batang hubo't hubad at nakahiga sa malamig na bangketa, mga magulang na nagkakalkal ng basura para makakuha ng mga pagkaing kung tawagin nila ay "pagpag", mga batang nagpupunas na lamang bigla ng iyong mga paa habang nakaupo ka sa dyip, at marami pang ibang larawan ng kahirapan, masasabi mo bang maganda ang ekonomiya ng ating bayan?

Ang mabuting ekonomiya ay iyong napauunlad ang lahat – walang taong sobrang mayaman at maraming mahirap. Pagnilayan natin ang paglalarawang ito ng Kagawaran ng Edukasyon sa kahulugan ng mabuting ekonomiya.

Ang ekonomiya ay hindi para lamang sa sariling pag-unlad kundi sa pag-unlad ng lahat. Hindi naman natin maaaring itanggi na ang kalagayang panlipunan ng bawat pamilya, pamayanan, at lipunan ay nakasalalay sa bawat miyembro nito. Higit ang tagumpay na makakamit ng pamilyang ang bawat miyembro ay nagbibigay ng kani-kaniyang kontribusyon para sa ika-uunlad ng kanilang pamilya, kaysa sa pamilyang walang ginagawang anumang hakbang upang mapaunlad ang kanilang buhay.

**Pagkakapantay-Pantay**

Isang debate sa mga pilosopo ang tanong ukol sa pagkakapantay-pantay. Sa isang panig, may nagsasabing pantay-pantay ang lahat dahil likha tayo ng Diyos, dahil tao tayo. Sa kabilang panig, may nagsasabi rin namang hindi pantay-pantay ang mga tao. May mga taong mananatiling nasa itaas, dinudungaw ang mga tao sa ibaba. May mga taong yayaman at patuloy na yayaman at may mga taong mahirap at mananatili sa kanilang kahirapan dahil sadyang ganito ang kaayusan ng mundo.

Isa sa mga gitnang posisyon ay ang posisyon ng pilosopong si Max Scheler. Para kay Scheler, bahagi ng pagiging tao ng tao ang pagkakaroon ng magkakaibang lakas at kahinaan. Nasa hulma ng ating katawan ang kakayahan nating maging isang sino. Ang taong matangkad ay sadyang may panguguna sa basketbol kaysa maliliit. Ang babae ay mas may taglay na karisma upang manghalina kaysa lalaki. May timbre ng boses ang hinahanap upang maging tagapagbalita sa radyo. May linaw ng mata na hinihingi sa pagiging isang piloto. Idagdag pa rito ang iba pang aspekto ng kasinohan ng tao: ang kanyang kinagisnan, ng pagpapalaki sa kaniya, ang mga koneksyon ng pamilya, ang kanyang lahi, relihiyon, at iba pa. Ang lahat ng ito ay naglalatag ng maaabot ng tao.

Ngunit, sinasabi rin ni Scheler na dahil na rin sa hindi pagkakapantay-pantay na ito, kailangang sikapin ang pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng pagbabahagi ng yaman ng bayan. Hindi dahil maliliit ang manlalaro ng basketbol hindi na siya kailanman magiging mahusay at masaya sa kaniyang paglalaro. Mayroon siyang magagawa sa bukod-tangi niyang paraan na magpapaiba sa kanya sa matangkad. Kailangan lamang niya ng tiwala at pagkakataon.

Hindi Pantay Pero Patas!

Ito nga ang prinsipyong iniinugan ng Lipunang Pang-ekonomiya. Ang lipunang ito ay nagsisikap na pangasiwaan ang mga yaman ng bayan ayon sa kaangkupan nito sa mga pangangailangan ng tao. Patas. Nakatutuwang malaman na ang pinagmulan ng salitang "Ekonomiya" ay ang mga griyegong salita na "oikos" (bahay) at "nomos" (pamamahala).

Ang ekonomiya ay tulad lamang din ng pamamahala sa bahay. Mayroong sapat na budget ang namamahay. Kailangan niya itong pagkasyahin sa lahat ng mga bayarin (kuryente, tubig, pagkain, panlinis ng bahay, at iba pa) upang makapamuhay nang mahusay ang mga tao sa bahay, maging buhay-tao (humane) ang kanilang buhay sa bahay at upang maging tahanan ang bahay.

Ang Lipunang Pang-ekonomiya, sa mas malakihang pagtingin, ay ang mga pagkilos na masiguro na ang bawat bahay ay magiging tahanan. Pinapangunahan ito ng estado na nangunguna sa pangangasiwa at patas na pagbabahagi ng yaman ng bayan.

***"Ekonomiya: Hindi pantay pero patas."***

Lumilikha sila ng mga pagkakataon na makapamuhunan sa bansa ang mga may kapital upang mabigyan ang mga mamamayan ng puwang na maipamalas ang kanilang mga sarili sa paghahanapbuhay. Sinisikap gawin ng estado na maging patas para sa mga nagkakaiba-ibang mga tao ang mga pagkakataon upang malikha ng bawat isa ang kanilang sarili ayon sa kani-kanilang mga tunguhin at kakayahan.

Bilang pabalik na ikot, ang bawat mahusay na paghahanapbuhay ng mga tao ay kilos na nagpapangyari sa kolektibong pag-unlad ng bansa.

Kung maunlad ang bansa, higit na mamumuhunan ang mga may kapital na siyang lilikha ng higit pang mga pagkakataon para sa mga tao —pagkakataon hindi lamang makagawa, kundi pagkakataon ding tumaas ang antas ng kanilang pamumuhay. Hindi lamang sariling tahanan ang binubuo ng mga tao sa loob ng Lipunang Ekonomiya.

Ginagawa rin nilang isang malaking tahanan ang bansa—isang tunay na tahanan kung saan maaaring tunay na tumahan (huminto, manahimik, pumanatag) ang bawat isa sa pagsisikap nilang mahanap ang kanilang mga buhay.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Mangalap ng isang bagong balita na may kinalaman sa ekonomiya. Isulat ito, gupitin o i-print at ipaskil sa iyong kuwaderno. Ibigay ang mga impormasyong hinihingi.

| BALITANG PANG-EKONOMIYA |
|---|
| |

1. Ano ang pinaka-buod ng balita?
2. Masasabi bang maganda o hindi ang takbo ng ekonomiya ayon sa balita?
3. Ano ang magiging epekto nito sa iyo at sa lipunang kinabibilangangan?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Magbigay ng magandang dulot sa pagkakaroon ng mabuting ekonomiya at ng masasamang dulot ng hindi mabuting lagay ng ekonomiya. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| MAGANDANG LAGAY NG EKONOMIYA | HINDI-MAAYOS NA LAGAY NG EKONOMIYA |
|---|---|
| 1. ______________________ | 1. ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| 2. ______________________ | 2. ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| 3. ______________________ | 3. ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Gumawa ng isang sanaysay na nagpapaliwanag sa mga katagang: Ang ekonomiya ay hindi pantay ngunit patas. Ipahayaga ang iyong pagsang-ayon dito o pagsalungat at mangatwiran. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

## A

Ang kahirapan ay salamin ng kawalan ng isang maayos na ekonomiya, at ang dami ng bilang ng mayayaman ay hindi nangangahulugang bumubuti at umaayos na ito.

Kahit na batid mong mayroong mayayaman at iba naman ay mahihirap, tandaan na patas pa rin ang buhay. Ikaw ang gagawa ng iyong kapalaran at kalagayan mo sa pang-ekonomiyang lipunan.

Patuloy mong dagdagan ang iyong kabatiran tungkol sa ekonomiya at unawain ng higit kung paano nito maaapektuhan ang iyong buhay at ganoon din ang iyong pamilya.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Sagutin ang mga sumusunod ayon sa iyong natutuhan sa araling ito. Isulat ang letra ng sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ang paniniwala na ang tao ay "pantay-pantay" ay nakaugat sa katotohan na…
   A. lahat ay dapat mayroong pag-aari.
   B. lahat ay may kani-kanyang angking kaalaman.
   C. lahat ay iisa ang mithiin.
   D. likha ang lahat ng Diyos.
2. Ano ang kahulugan ng prinsipyo ng proportio ayon kay Sto. Tomas de Aquino?
   A. Pantay na pagkakaloob ng yaman sa lahat ng tao.
   B. Angkop na pagkakaloob ng yaman batay sa kakayahan ng tao.
   C. Angkop na pagkakaloob ng yaman ayon sa pangangailangan ng tao.
   D. Pantay na pagkakaloob ng yaman batay sa kakayahan at pangangailangan ng tao.

3. Sa ating lipunan, alin sa mga sumusunod ang patunay na naitatali na ng tao ang kanyang sarili sa bagay?

   A. Mas nararapat lamang na makatanggap ang isang tao ng tulong mula pamahalaan, kahit nakaya naman niya itong bilhin o kaya ay hindi naman kaliangan, dahil karapatan niya ito bilang mamamayang nagbabayad ng buwis.
   B. Hindi mabitawan ni Sheila ang kanyang lumang mga damit upang ibigay sa kamag-anak dahil mayroon itong sentimental value sa kanya.
   C. Inuubos ni Jerome ang kaniyang pera sa pagbili ng mamahaling relo na sa ibang bansa lamang mahahanap. Ayon sa kaniya, sa ganitong paraan niya nakukuha ang labis na kasiyahan.
   D. lahat ng nabanggit.

4. Ang mga sumusunod ay naglalarawan sa lipunang pang-ekonomiya maliban sa…

   A. Maihahalintulad sa pamamahala ng budget sa isang bahay.
   B. Pagkilos para sa pantay na pagbabahagi ng yaman ng bayan.
   C. Pangangasiwa ng yaman ng bayan ayon sa kaangkupan nito sa mga pangangailangan ng tao.
   D. Pagkilos upang masiguro na ang bawat bahay ay magiging tahanan sa pamamagitan ng pangangasiwa ng yaman ng bayan.

5. Sa lipunang pang-ekonomiya, ano ang pagkakaiba ng pantay sa patas?

   A. Ang pantay ay pagbibigay ng pare-parehong benepisyo sa lahat ng tao sa lipunan, ang patas ay pagbibigay ng nararapat para sa tao batay sa kanyang pangangailangan.
   B. Ang pantay ay pagbibigay ng pare-parehong benepisyo sa lahat tao sa lipunan, ang patas ay pagbibigay ng nararapat para sa tao batay sa kanyang kakayahan.
   C. Ang pantay ay pagbibigay ng pare-parehong pagturing sa lahat ng tao sa lipunan, patas ay ang paggalang sa kanilang mga karapatan.
   D. Ang pantay ay pagbibigay ng pare-parehong pagturing sa lahat ng tao sa lipunan, ang patas ay pagtiyak na natutugunan ng pamahalaan ang lahat ng pangangailangan

WEEKS

7-8

# Pakikilahok sa Adbokasiya sa Lipunang Sibil

I

Aralin

***"Ang isang mabuting mamamamayan ay laging handang makilahok sa mga gawaing panlipunan…"***

Ngayong huling dalawang linggo sa unang markahan ay pag-aaralan mo ang tungkol sa lipunang sibil at ang bahaging gagampanan mo rito.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang a) natutukoy mo ang mga halimbawa ng lipunang sibil at ang kani-kaniyang papel na ginagampanan ng mga ito upang makamit ang kabatuhinag panlahat; b) nasusuri ang mga adhikaing nagbubunsod sa mga lipunang sibil upang kumilos tungo sa kabutihang panlahat; c) nahihinuha na:

- ang layunin ng lipunang sibil, ang likas-kayang pag-unlad, ay isang ulirang lipunan na pinagkaisa ang mga panlipunang pagpapahalaga tulad ng katarungang panlipunan, pang-ekonomiyang pag-unlad, pakikilahok ng mamamayan, pangangalaga ng kapaligiran, kapayapaan, pagkakapantay-pantay ng kababaihan at kalalakihan at ispiritwalidad;
- ang layunin ng media ay ang pagpaplutang ng katotohanang kailangan ng mga mamamayan sa pagpapasya;
- sa tulong ng simbahan, nabibigyan ng mas mataas na antas ng katuturan ang mga material na pangngailanagn na tinatamasa natin sa tulong ng estado at sariling pagkukusa.

Sa huli, inaasahang nakapagsasagawa ka ng pananaliksik sa pamayanan upang matukoy kung may lipunang sibil na kumikilos dito, matukoy ang mga adbokasiya at matasa ang antas na pagganap nito sa pamayanan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin ang mga nakasulat sa kahon. Isulat sa iyong kuwaderno ang iyong kaalaman tungkol dito at tukuyin ang papel na ginagampanan ng mga ito sa isang lipunang sibil.

| | | |
|---|---|---|
| ***Simbahan*** | ***Party-list groups*** | ***Mass media*** |
| ***Social media*** | ***Bahay-ampunan*** | ***samahang sibil*** |

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sagutin ang mga tanong ayon sa iyong kasalukuyang kaalaman. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Ang sama samang paggawa ng ________ ay maituturing na isang lipunang sibil.
   A. pagsisid sa mga basura C. pagmamasid sa mga ibon
   B. pagtatanim ng mga puno D. malayuang pagbibisikleta.
2. Ang sumusunod ay katangian ng lipunang sibil, maliban sa:
   A. panghihimasok ng estado
   B. kawalan ng kwalipikasyon ng mga kaanib
   C. pagsasalungatan ng mga ibat ibang paninindigan
   D. kawalan ng pangmatagalang liderato
3. Ang pananatili nating kaanib ng isang institusyong panrelihiyon ay bunga ng:
   A. hindi tayo nag iisa sa paghahanap ng katuturan sa buhay.
   B. hawak ng mga lider ng relihiyon ang kapangyarihan.
   C. kinamulatang kalakaran sa ating mga magulang.
   D. kawalan ng saysay ng buhay sa gitna ng mga tinatamasa.

4. Ang *mass media* ay may kasinungalingan kung mayroong :
   A. Pag banggit ng maliliit na detalye.
   B. Isang panig ng usapin lamang ang nilalahad.
   C. Nagpapahayag ng isang kuro kuro
   D. Paglalahad ng di kapakipakinabang na impormasyon.
5. Tungkulin ng *mass media* ang pagsasaad ng katotohanan dahil:
   A. Pinaglalagakan lamang ito ng impormasyon.
   B. Maaaring salungatin ang impormasyong isinasaad.
   C. Nagpapasya tayo ayon sa hawak na impormasyon.
   D. Walang ibang mapagkukunan ng impormasyon.

**Lipunang Sibil**

Ang lipunang sibil ay tumutukoy sa mga indibidwal na bumubuo ng isang grupo o organisasyon, inaayos ito at pinananatiling kapaki-pakinabang para sa pagkakamit ng kabutihang panlahat. Ilan sa mga halimbawa nito ay ang media, simbahan, mga institusyong tumutugon sa mga taong walang kumakalinga, party list sa kongreso, at ibang organisasyon na naglalayong matugunan ang mga pangangailangang ng bawat tao sa lipunan.

Bakit nga ba kinakailangan pa ng lipunang sibil? Hindi ba kayang matugunan ng lokal na pamahalaan ang mga pangangailangan ng mga tao sa lipunan? Ilang taon na ang nagdaan at ilang uri na rin ng pamunuan ang ating nasaksihan. Mula sa mga karanasang ito, natuto tayong makipamuhay at makibagay sa kabila ng mga kakulangang ating nararanasan, dahil alam nating hindi lahat ay kayang maibigay ng pamahalaan. Higit ang maibibigay ng lipunan lalong higit kung sila ay nagkukusang gumanap sa mga gawaing siguradong makapagdudulot ng kabutihang panlahat.

**Halimbawa ng Lipunang Sibil**

**Media** – ito ang inaasahan nating makapagbibigay sa atin ng iba't ibang mensahe na may kinalaman sa ating buhay, lagay ng panahon, at anupamang mga isyu na nakakaapekto sa ating buhay at kabuhayan. Dahil sa modernong teknolohiya, higit nating nakakamtan ang magandang bunga ng media. Kung noon ay nahihirapan tayong magkaroon ng mabilis at napapanahong pagtugon sa iba't ibang isyu, ibang-iba na ito ngayon dahil saan mang lugar o sulok ng lipunang ating ginagalawan, totoong abot -kamay na kaagad-agad natin ang impormasyon.

**Simbahan** – ito ang tumutugon sa mga pangangailangan nating may kinalaman sa moral at ispiritwal na buhay. Sa tulong ng mga kaparian, pastor, imam, ministro, at iba pang lider pan-relihiyon, nauunawaan natin ang mga isyung magpapaunlad ng ating buhay ispiritwal. Dahil din sa kanila, madali nating nagagawan ng wastonng pagpapasya ang mga isyung moral na kinakaharap natin sa araw-araw.

**Bahay-Ampunan** – ito ang institusyong kumakalinga sa mga taong napapabayaan sa ating lipunan, ika nga ang mga taong nasa laylayan ng ating bayan. Sa tulong ng mga tagapangasiwa at iba pang samahang may hangaring makatulong, napapanatili nila ang mga programang tumutugon sa mga pangangailangang nga mga inabandonang anak at magulang.

**Party-List** – ito ang kumakatawan sa mga sektor sa ating lipunan na hindi gasinong nabibigyan ng wastong pagkalinga. Sa tulong ng mga taong pinili ng isang party-list, agaran ang nagagawang pagtugon sa kanilang mga pangangailangan.

Habang tayo ay gumaganap sa ating mga tungkulin sa lipunang ating kinabibilangan, tayo ay nakatutulong rin sa paghuhubog ng iba't ibang pagpapahalagang panlipunan na ang tanging tunguhin ay kabutihang panlahat. Ito ang maituturing na huwarang lipunan.

Una, nakikita at nararamdaman ng bawat miyembro ng lipunan ang pag-iral ng katarungang panlipunan (social justice).

Ikalawa, nararamdaman ng mga mamamayan ang pang-ekonomiyang pag-unlad (economic viability), hindi lamang sa mga datos na inilalathala at ipinagyayabang sa balita, kundi totoong karanasan ng pag-unlad.

Ikatlo, nakikita ang aktibong pakikisangkot ng mamamayan (social cooperation) sa pagtatamo ng kabutihang panlahat. Mahalagang makita natin ang ugnayan ng lahat ng tao sa ating lipunang ginagalawan.

Ikaapat, maihahalintulad ang pag-unlad ng lipunan sa pagkakaroon nito ng kaayusang pang-kapaligiran (environmental care). Maituturing bang maunlad ang isang lipunan kung ang kapaligiran nito ay binubuo ng mga negatibong pangyayari at mga nabubulok o nasisirang kalikasan? Hindi. Kaya nararapat itong pangalagaan at iturinig na isang ina o Mother Earth ba nangangailangan ng wastong pagkalinga at pangangalaga.

Ikalima, ang pag-iral ng kapayapaan (peace) ay isang palatandaan ng isang huwarang lipunan. Ang kapanatagan ng isip at kalooban; ang pagkakaroon ng kalayaan sa pagiging mabuti at maayos na mamamayan.

Ika-anim, ang pagkakaroon ng tunay na pagkakapantay-pantay sa karapatan at tungkulin ng lalake at babae ay isang patunay na ang lipunan ay isang huwaran.

Ikapito, ang papel na ginagampanan ng ispiritwalidad hindi lamang sa buhay ng indibidwal kundi sa pangkalahatang kalagayan ng lipunan.

Narito ang mga katangian ang iba't ibang anyo ng lipunang sibil na inilarawan natin sa modyul na ito:

1. **Pagkukusang-loob**. Walang pumilit, nanakot, o nanggipit sa mga kasapi nito upang makisangkot. Malaya ito mula sa impluwensya ng estado o negosyo. Hindi ito nagsusulong ng pampolitikang hangarin ng sino mang nasa pamahalaan, o ng pangkomersyong hangarin ng sino mang negosyante.

2. **Bukás na pagtatalastasan**. Walang pinipigilan o dinidiktahan sa pagpapahayag ng saloobin. Ang uri ng pagtalakay ay pangmadla, isang buháy na diwa ng demokrasya, daan upang ang mga kaanib ng lipunan ay magkaroon ng katiyakan sa gagawin nilang mga pagpapasya.

3. **Walang pang-uuri**. Hindi isinasaalang-alang ang kalagayang panlipunan ng mga kasapi: mayaman o mahirap, may pinag-aralan o wala, kilalá o hindi, anumang kasarian. Sapagkat ang hinahanap ay kabutihang panlahat.

4. **Pagiging organisado**. Bagama't hindi kasing-organisado katulad ng estado at negosyo, patungo ito sa pagiging institusyon, ayon sa hinihingi ng pagkakataon.

5. **May isinusulong na pagpapahalaga**. Hindi pansariling interes kundi kabutihang panlahat: isinusulong ng media ang katotohanan, isinusulong naman ng Simbahan ang espiritwalidad.

Ang sabi nga ni Fr. Eduardo Hontiveros sa isang awit, "Walang sino man ang nabubuhay para sa sarili lamang." Ang lipunan ay parang isang bahay ng gagamba na ang pagpatíd sa isang hibla ay makakapekto sa bawat hibla. Gayundin, sa pakikisangkot natin sa anumang lipunang sibil, nakapagsusulong ito ng ating ikabubuti, at ang pagwawalang-bahala dito ay nakapagpapalalâ ng mga suliraning panlipunan. Sapagkat ang ikabubuti ng lipunan ay nakasalalay sa ikabubuti ng bawat isa atin, hindi maiaalis ang patuloy nating pagmamalay sa paanyaya ng bawat nakakatagpo nating nakikiusap na, "Paki lang."

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Pag-isipan at sagutin ang mga tanong sa ibaba tungkol sa social media.  Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.




May social media account ka ba? ____________

Ano o ano ano ito? __________________________________________________________

May mabuti ba itong idinudulot sa'yo? Ano ano?

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

May masama rin ba itong idinudulot sa'yo? Ano anon?

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

Paano mo gagamitin nang tama ang social media? Bakit?

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Kung mayroong paraan, gumawa ng isang social media hashtag upang manghikayat ng iba pa na kumilos upang makatulong sa lipuna. I-post ito sa iyong account. Kung wala naman, isulat ito sa iyong kuwaderno. Dagdagan ng paliwanag kung tungkol saan ito ayon sa iyong napag-aralan sa aralin.

*#ikawatakokasamasapagbabago*

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Bilang bahagi ng isang lipunang sibil, mag-isip ng mga paraan na iyong magagawa upang makatulong sa pagpapalaganap ng kani-kaniyang mga adbokasiya. Pumili ng hindi bababa sa dalawang halimbawa sa ibaba. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| LIPUNANG SIBIL | MAGAGAWA O MAITUTULONG KO |
|---|---|
| Simbahan | |
| Social Media | |
| Bahay-ampunan | |
| Party-list | |
| Organisasyon | |

# A

Bagama't mayroon kang gobyerno na handang magbigay ng tulong sa iyo, hindi makasasapat kung aasa na lamang at maghihintay. Sa lipunang iyong ginagagalawan, nararapat na magkaroon ng mga institusyong magiging katuwang ng pamahalaan at ng mga mamayan sa pagsusulong ng mga gawain o adbokasiya na makatutulong sa marami.

Bilang isang ganap na kabataan, kaya monvg makilahok sa mga gawain ng mga ito. Makatutulong ka sa personal o indibidwal na lebel lalo na sa tamang paggamit ng social media. Magagawa mo ring makibahagi sa pamamagitan ng pagsali sa mga grupo o organisasyong may layuning maglingkod sa lipunan.

Ibahagi mo ang iyong sarili, oras at panahon!

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Sagutin ang mga sumusunod ayon sa iyong natutuhan sa araling ito. Isulat ang letra ng sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ang sama samang paggawa ng ________ ay maituturing na isang lipunang sibil.
   A. pagsisid sa mga basura
   B. pagtatanim ng mga puno
   C. pagmamasid sa mga ibon
   D. malayuang pagbibisikleta.
2. Ang sumusunod ay katangian ng lipunang sibil, maliban sa:
   A. panghihimasok ng estado
   B. kawalan ng kwalipikasyon ng mga kaanib
   C. pagsasalungatan ng mga ibat ibang paninindigan
   D. kawalan ng pangmatagalang liderato
3. Ang pananatili nating kaanib ng isang institusyong panrelihiyon ay bunga ng:
   A. hindi tayo nag iisa sa paghahanap ng katuturan sa buhay.
   B. hawak ng mga lider ng relihiyon ang kapangyarihan.
   C. kinamulatang kalakaran sa ating mga magulang.
   D. kawalan ng saysay ng buhay sa gitna ng mga tinatamasa.
4. Ang *mass media* ay may kasinungalingan kung mayroong :
   A. Pag banggit ng maliliit na detalye.
   B. Isang panig ng usapin lamang ang nilalahad.
   C. Nagpapahayag ng isang kuro kuro
   D. Paglalahad ng di kapakipakinabang na impormasyon.
5. Tungkulin ng *mass media* ang pagsasaad ng katotohanan dahil:
   A. Pinaglalagakan lamang ito ng impormasyon.
   B. Maaaring salungatin ang impormasyong isinasaad.
   C. Nagpapasya tayo ayon sa hawak na impormasyon.
   D. Walang ibang mapagkukunan ng impormasyon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Bilang bahagi ng simbahang iyong kinabibilangan, paano ka nakatutulong sa pagsusulong ng inyong adbokasiya. Gumawa ng isang sanaysay at isulat ito sa iyong kuwaderno.

## Susi sa Pagwawasto

# Sanggunian


Alpe, E.J. S. (2018). Yaman sa Pagpapahalaga sa Ikasiyam na Baitang. (unpublished manuscript).

Department of Education. 2013. K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao Learner's Material for Grade 9.

Department of Education. 2016. "K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao Gabay Pangkurikulum." *lrmds.deped.gov.ph.* Accessed April 2, 2020. https://lrmds.deped.gov.ph/detail/5451.

Department of Education. 2020. Most Essential Learning Competencies in Edukasyon sa Pagpapakatao.

Department of Education. 2020. Revised MELC sa Edukasyon sa Pagpapakatao. RM 306, s. 2020 Corrigendum to the Enclosures in Regional Order No. 10, s. 2020, Re: Implementing Guidelines on the Implementation of MELC PIVOT 4A Budget of Work (BOW) in all Learning Areas for Key Stage 1-4.

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, local 420/421

Email Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph